Para sa lahat ng mga Magulang/Tagapag-alaga

# Paunawa ukol sa Sistema ng Tulong sa Pag-aaral ng School Year 2024 (*Reiwa* 6)

Sa Lungsod ng Matsubara, ipinapatupad ang Sistema ng Tulong sa Pag-aaral kung saan nagbibigay ng pinansiyal na tulong upang bahagyang matustusan ang mga kinakailangang gastusin sa pag-aaral, para sa mga magulang na hirap sa pagpapaaral ng kanilang mga anak sa mga pampublikong paaralang elementarya at junior high school na itinayo ng lungsod.

## 1. Panahon ng pangkalahatang pagtanggap ng aplikasyon atbp.

(1) Panahon ng pangkalahatang pagtanggap: Mula ika-24 (Miyerkules) ng Enero hanggang ika-7 (Miyerkules) ng Pebrero 2024 (maliban sa Sabado, Linggo at mga national holiday)

(2) Oras ng pagtanggap: 8:30 ng umaga - 5:00 ng hapon (sa paaralan)
9:00 ng umaga - 5:30 ng hapon (sa munisipyo)

(3) Lugar ng pagtanggap: Sa paaralan o kaya ay sa Educational Personnel Division (*kyoshokuin-ka*), Board of Education Secretariat (*kyoiku iinkai jimukyoku*) (ika-5 palapag ng munisipyo)

(Kung may mga anak na nag-aaral sa elementarya at pati sa junior high school, magpasa ng aplikasyon sa paaralang elementarya o kaya ay sa Educational Personnel Division, Board of Education Secretariat.)

※ Kung magpapasa ng aplikasyon sa di-pangkaraniwang dahilan, magpasa ng aplikasyon sa bawat paaralan ng mga anak.

## 2. Mga bagay na dapat pagtuunan ng pansin

- Ang pag-apruba sa aplikasyon para sa tulong sa pag-aaral ay ibinabase sa kabuuang kita atbp. noong taong 2022 (*Reiwa* 4). Kailangang magpasa ng aplikasyon taun-taon. Bagaman, kung magpapasa ng aplikasyon sa buwan ng Hunyo pasulong, ibabase ang pag-apruba sa kabuuang kita atbp. noong taong 2023 (*Reiwa* 5).
- Para sa mga tumatanggap ng suporta sa pamumuhay (*seikatsu hogo*) na may anak na nasa Grade 6 ng elementarya o 3rd year ng junior high school ngayong School Year 2024 (*Reiwa* 6), maaaring tumanggap ng pinansiyal na tulong para sa mga bayarin sa educational field trip kaya't magpasa ng aplikasyon para rito. (Hindi makakatanggap ng tulong kung nagpasa ng aplikasyon pagkalipas ng buwan kung kailan isinagawa ang educational field trip.)
- Kung hindi nakapagpasa ng aplikasyon sa nabanggit na panahon ng pangkalahatang pagtanggap, maaari pa ring magpasa hanggang ika-5 (Miyerkules) ng Pebrero 2025 (*Reiwa* 7) bilang pangkalagitnaang aplikasyon. **Subalit sa ganitong paraan, depende sa uri ng gastos ay makakatanggap lamang ng tulong mula sa buwan na nagpasa ng aplikasyon**.

Ang city tax atbp. na binabayaran ng mga residente ay lubhang mahalaga upang mapangasiwaan ang panlipunang kapakanan at edukasyon sa ating lungsod. Hinihingi namin ang inyong pag-unawa at pakikipagtulungan hinggil sa pagbabayad ng buwis para sa ligtas at maginhawang pamumuhay, kasabay ng inyong pagpasa ng aplikasyon para sa tulong sa pag-aaral.

3. Mga taong maaaring tumanggap ng tulong sa pag-aaral

Magulang/tagapag-alaga na nakarehistro ang address sa Lungsod ng Matsubara, may anak na nag-aaral sa pampublikong paaralang elementarya o junior high school na itinayo ng lungsod, at:

(1) Ang kabuuang kita noong taong 2022 (*Reiwa* 4) (pinagsamang kabuuang kita ng lahat ng miyembro ng sambayahan) ay hindi hihigit sa pamantayang halaga at nangangailangan ng tulong para sa pagpapaaral ng anak. (Kung magpapasa ng aplikasyon mula Hunyo pasulong ay ang kabuuang kita noong taong 2023 (*Reiwa* 5).)

Pamantayang halaga ayon sa bilang ng miyembro ng sambahayan:

| Bilang ng miyembro ng sambayahan | 2 tao | 3 tao | 4 tao | 5 tao |
|---|---|---|---|---|
| Kabuuang kita (pinagsamang kita ng lahat ng miyembro) | 1,847,600 yen | 2,177,600 yen | 2,507,600yen | 2,837,600yen |

(※ Kung mahigit sa 5 tao ang bilang ng miyembro ng sambahayan, idaragdag ang halagang 330,000 yen bawat tao sa pamantayang halaga ng kabuuang kita para sa 5 tao.)

Hal. 1) Ang pamantayang halaga para sa sambahayang binubuo ng 3 tao (tatay, nanay at 1 anak) ay 2,177,600 yen.

Hal. 2) Ang pamantayang halaga para sa sambahayang binubuo ng 6 tao (lolo, lola, tatay, nanay at 2 anak) ay 3,167,600 yen.

※ Kung tumatanggap ng sahod, public pension atbp., ibabawas ang 100,000 yen mula sa halaga ng kinita bago pagsamahin ang kabuuang kita ng sambahayan.

※ Kung ang kabuuang kita ng sambahayan ay mas mababa sa pamantayang halaga dahil sa pagkalugi mula sa pagbili at pagbabago ng mga ari-ariang kaugnay ng tirahan, o kaya ay itinuring na espesyal na kaso para magkaroon ng carryover ng pagkalugi sa mga susunod na taon, hindi kikilalanin bilang angkop para sa Sistema ng Tulong sa Pag-aaral.

※ Kung magpapasa ng aplikasyon para sa tulong sa pag-aaral, siguraduhing isagawa muna ang tax declaration. (Kailangan ding isagawa ito ng taong walang kinikita at gayundin ang dependent na may kinikita.)

※ Kung magpapasa ng aplikasyon, kumpirmahin na ang kabuuang kita ng lahat ng miyembro ng sambahayan ay hindi hihigit sa pamantayang halaga, sa pamamagitan ng mga tax withholding slip (*gensen choshuhyo*), notice of residence tax payment, atbp.

※ Isulat ang pangalan ng lahat ng taong kasama sa iisang tirahan, hindi alintana kung hiwalay ang nakarehistrong sambahayan.

(2) Ang kabuuang kita ay higit sa pamantayang halaga, ngunit nagbago ang pinansiyal na sitwasyon dahil sa di-pangkaraniwang dahilan, at nangangailangan ng tulong sa pagpapaaral ng anak.

- Hirap sa pinansiyal na sitwasyon dahil labis na bumaba ang kita kung ikukumpara sa nakaraang taon dulot ng pagkawala ng trabaho, pagkakaospital atbp. ng magulang/tagapag-alaga.
- Hirap sa sitwasyon dahil nawalan ng ari-arian dulot ng sunog, aksidente atbp.
- Nangangailangan ng konsiderasyon kaugnay ng edukasyon dahil sa iba pang di-pangkaraniwang dahilan.

※ Kung magpapasa ng aplikasyon sa di-pangkaraniwang dahilan, susuriin ang ipinasang aplikasyon at iba pang dokumento para sa pag-apruba nito.

4. Pamamahagi ng application form

Ipapamahagi ito ng paaralan at ng Educational Personnel Division, Board of Education (ika-5 palapag ng munisipyo) mula buwan ng Enero.

Para sa mga nais magpasa ng aplikasyon, mangyaring makipag-ugnayan tungkol dito.

5. Pagpapasa ng application form ( <u>Hindi tumatanggap ng aplikasyon sa pamamagitan ng koreo.</u> )

Bibigyan ng reception slip ang mga nagpasa ng aplikasyon para sa tulong sa pag-aaral. Pagkatanggap nito ay itago at ingatan hanggang matanggap ang abiso tungkol sa resulta ng aplikasyon.

## 6. Mga bagay na kailangan sa aplikasyon

- "Para sa sambahayan na hindi hihigit sa pamantayang halaga ang kabuuang kita"

  (1) Application Form para sa Pagtanggap ng Tulong sa Pag-aaral ng Lungsod ng Matsubara

  (2) Selyo (Maaaring gumamit ng di-opisyal na selyo, ngunit hindi maaari ang self-inking stamp (*shachihata*).)

  (3) Mga ilalakip na dokumento

  ① Kung magpapasa ng aplikasyon bago ang katapusan ng Mayo:
  Kung hindi nakarehistro ang address atbp. sa Matsubara City batay sa petsang ika-1 ng Enero 2023 (*Reiwa* 5), kailangang maglakip ng income certificate. Magpunta sa munispyo ng lugar na inyong tinirahan sa nabanggit na petsa, kumuha ng "income certificate para sa taong 2023 (*Reiwa* 5)" (basehan nito ang kita noong taong 2022 (*Reiwa* 4)), at ilakip ito sa aplikasyon.

  ② Kung magpapasa ng aplikasyon mula Hunyo pasulong:
  Kung hindi nakarehistro ang address atbp. sa Matsubara City batay sa petsang ika-1 ng Enero 2024 (*Reiwa* 6), kailangang maglakip ng income certificate. Magpunta sa munispyo ng lugar na inyong tinirahan sa nabanggit na petsa, kumuha ng "income certificate para sa taong 2024 (*Reiwa* 6)" (basehan nito ang kita noong taong 2023 (*Reiwa* 5)), at ilakip ito sa aplikasyon.

  ※ **Kung may 2 o higit pang miyembro sa isang sambahayan na may kinikita, kailangang ipasa ang income certificate ng bawat isa.**

- "Para sa sambahayan na higit sa pamantayang halaga ang kabuuang kita, ngunit nais na mag-apply sa di-pangkaraniwang dahilan"

  Bukod sa (1) hanggang (3) na nabanggit sa itaas, maglakip ng dokumentong nagpapatunay ng di-pangkaraniwang dahilan kung bakit nais na mag-apply (katibayan ng pagkawala ng trabaho, katibayan ng pagkakaospital, katibayan ng pagiging biktima sa isang sakuna, payslip ng mga nakaraang buwan atbp.).

  ※ Isulat ang mga detalye ng di-pangkaraniwang dahilan sa likod ng application form (1).

  ※ Kailangan ang pagpapatunay ng prinsipal ng paaralan kaya't kumonsulta muna sa paaralan tungkol sa bagay na ito. Sa paaralan ipasa ang application form.
  Kung may mga anak na nag-aaral sa elementarya at pati sa junior high school, ipasa ang application form sa kani-kanilang paaralan.

## 7. Paraan ng pag-apruba at pagbibigay ng tulong sa pag-aaral

- Kung nagpasa ng aplikasyon sa panahon ng pangkalahatang pagtanggap, magpapadala ng abiso tungkol sa resulta ng aplikasyon (pag-apruba / hindi pag-apruba) sa buwan ng Abril at ito ay matatanggap sa pamamagitan ng koreo.
- Ang sertipiko ng pag-apruba ay kakailanganin sa pagpapagawa ng medical card atbp. kaya't itago ito nang maingat sa loob ng isang taon.
- Panahon ng pagbibigay: 2 beses sa isang taon (Mayo at Oktubre)
  Ang bayarin para sa mga kagamitan sa pag-aaral at pagkain sa paaralan ay ibibigay nang 1 beses sa isang taon (Mayo) at ito ay ikakalkula sa Marso.
- Paraan ng pagbibigay: Ipapadala sa bank account ng prinsipal ng paaralan nang may pagsang-ayon ng magulang sa oras ng aplikasyon.

  ※ Kahit maaprubahan ang tulong sa pag-aaral, hindi nito ibig sabihin na magiging libre ang lahat ng gastusin sa paaralan. Siguraduhing bayaran ang buwanang miscellaneous fee sa paaralan.

8. Halagang ibibigay at detalye ng tulong sa pag-aaral

| | Halagang ibibigay (Taunang halaga) | Bayarin para sa mga kagamitan sa pag-aaral atbp. | Bayarin para sa pagkain | Bayarin para sa mga aktibidad sa labas ng paaralan (hindi manunuluyan sa labas) | Bayarin para sa mga aktibidad sa labas ng paaralan (manunuluyan sa labas) (para lamang sa baitang na mayroon nito) | Bayarin para sa educational field trip (para lamang sa baitang na mayroon nito) | Bayarin para sa pagpapagamot |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Elementarya | Lahat ng baitang | 11,100 yen | Aktuwal na gastos | Aktuwal na gastos (mga 1,510 yen) | Aktuwal na gastos (mga 3,470 yen) | Aktuwal na gastos (mga 21,000 yen) | Magbibigay ng medical card |
| Junior high school | Lahat ng baitang | 21,700 yen | Aktuwal na gastos | Aktuwal na gastos (mga 2,180 yen) | Aktuwal na gastos (mga 5,840 yen) | Aktuwal na gastos (mga 48,000 yen) | |

※ Kung nagpasa ng aplikasyon sa panahon ng pangkalahatang pagtanggap, mabibigyan ng exemption sa pagbabayad ng mutual aid premium ng Japan Sport Council (Independent Administrative Institution) (ang halagang papasanin ng magulang ay 460 yen). (Bagaman, ang exemption ay para lamang sa magulang na naaprubahan na ang aplikasyon sa petsang ika-1 ng Mayo.)

※ Para sa estudyante ng Grade 6 sa elementarya o 3rd year sa junior high school na tumatanggap ng suporta sa pamumuhay (*seikatsu hogo*), ang bayarin para sa educational field trip lamang ang saklaw ng tulong sa pag-aaral. (Ang pinansiyal na suporta sa edukasyon maliban sa educational field trip ay ibinibigay na alinsunod sa Livelihood Protection Law, kaya't hindi maaaring madoble ang pagbibigay nito.)

※ Ang "halagang ibibigay" na nakasaad sa itaas ay ayon sa school year 2023 (*Reiwa* 5). Maaari itong magbago.

## << Ukol sa tulong sa mga bayarin sa pagpapagamot >>

- Para sa mga sakit na nakasaad sa School Health and Safety Act, maaaring tumanggap ng tulong sa pagpapagamot kung pinunahan ng doktor na kailangang magpagamot batay sa resulta ng pagsusuri sa kalusugan o konsultasyon tungkol sa kalusugan na isinagawa sa paaralan.
- Mga sakit na nakasaad sa School Health and Safety Act
  1. Trachoma at conjunctivitis (maliban sa mga allergy)
  2. Tinea (ringworm), scabies at impetigo (mga sakit sa balat)
  3. Otitis media
  4. Chronic sinusitis (maliban sa allergy) at adenoid (mga sakit sa tainga at ilong)
  5. Bulok na ngipin (cavity)
  6. Parasitic disease

(Mga bagay na dapat pagtuunan ng pansin)

- Bago magpatingin sa medikal na institusyon, dalhin ang 2 dokumento; paunawa ukol sa resulta ng pagsusuri at ang abiso ukol sa pag-apruba sa Board of Education Secretariat. Dito ibibigay ang medical card.
- Ang bayarin sa pagpapagamot ay direktang ibibigay sa medikal na institusyon.
- Hindi mabibigyan ng tulong kung nagpagamot nang hindi pa nagpapagawa ng medical card.

Para sa mga detalye, makipag-ugnayan lamang sa paaralan o kaya ay sa Educational Personnel Division (*kyoshokuin-ka*), Board of Education Secretariat (*kyoiku iinkai jimukyoku*).

Educational Personnel Division, Matsubara City Board of Education Secretariat
TEL: 072-334-1550 (pangunahing numero ng telepono)